

## Yaman ng Isla ng Semirara

ni Danilo S. Tirona



*Simula nang makuha ng DMCI Group ang SMPC noong 1997, ang pagbabayad ng royalty payment sa gobyerno ay umabot na sa P21 bilyon.*

Ang *coal* ay isang uri ng *sedimentary rock* na nagmula sa mga labi ng halaman at puno na namuhay ilang milyong taon na ang nakalipas. Ang mga halaman na ito ay natabunan ng buhangin at lupa kung saan ang bigat at init na nagmumula sa pagkakatabon nito ay siyang naging dahilan sa pagkakaluto ng mga ito upang maging *coal.*

Mahalagang papel ang ginagampanan ng *coal* sa pagtugon sa mga pandaigdigang pangangailangan ng enerhiya at kritikal sa pag-unlad ng imprastraktura. Ito ay nagsu-suplay ng 40% ng elektrisidad sa buong mundo at 71% ng bakal sa mundo ay ginagamitan ng *coal.*

Ito ay may iba't ibang pag-uuri na nababatay sa *Calorific Value, Fixed Carbon, Volatile Matter, Degree of Metamorphism,* at iba pa. Ang mga uri ng coal ay tinatawag na *Lignite, Sub-bituminous, Bituminous,* at *Anthracite.*

Ang Semirara *Coal* ay napapabilang sa *Sub-bituminous* na uri at karaniwan ginagamit bilang panggatong sa mga *coal-fired power plants* ng SMPC: ang *Sem-Calaca Power Corporation (SCPC)* at *Southwest Luzon Power Generation Corporation (SLPGC) Power Plants* sa Calaca, Batangas. Ang mga *power plant* na ito ay lumilikha ng kuryente para sa iba't ibang uri ng kasangkapan na nagbibigay ginhawa sa ating araw-araw na pamumuhay.

Maliban sa pagiging panggatong, ang Semirara *coal* ay ginagamit din bilang isang pinagkukunan ng enerhiya sa paggawa ng semento. Kinakailangan ang mataas o sapat na enerhiya upang makagawa ng semento. Halos 200 *kilogram* ng karbon ang kinakailangan upang makagawa ng isang tone-ladang (1,000 kg) semento, kung saan ito naman ay ginagamit sa paggawa ng mga gusali, kalsada, at iba pang uri ng imprastraktura. Ang ibang mga uri ng coal, tulad ng *Bituminous coal*, ay maaari rin gamitin sa paggawa ng bakal. Ang *coal* ay isang mahalagang sangkap sa paggawa ng mga produkto tulad ng mga sumusunod:

- **Activated Carbon –** ginagamit sa paggawa ng *air and water filters*
- **Carbon Fiber –** ginagamit bilang pamalit sa bakal (hal. paggawa ng kotse at bisikleta)
- **Silicone Metal –** ginagamit upang makalikha ng *silicones* at *silanes* na siyang ginagamit na sangkap para sa *cosmetics, shampoos, toothpastes, lubricants,* at *water repellent.*

Tinatayang 98% ng *coal* na namimina sa Pilipinas ay nagmula sa Semirara, kung saan ito ay ibinebenta sa *power plants, cement plants, small boilers, at traders* sa lokal na merkado. Ito rin ay nabebenta o ine-*export* sa ibang bansa, tulad ng China, Thailand, Japan, at India. Kaakibat ng responsableng pagmimina ng karbon sa Semirara ay ang pagtataguyod ng iba't ibang proyekto na naaayon sa *United Nations Sustainable Development Goals.*

**Department of Energy**

Ang pagmimina ng karbon sa isla ng Semirara ay naging posible sa pahintulot ng *Department of Energy* (DOE) na siyang pangunahing regulador nito.

Isinabatas ang P.D. 972 noong 1976 na nagbigay ng mandato sa *Energy Development Board* (ngayon ay DOE) upang maghanap at linangin ang karbon sa bansa. Mas lalo itong pinaigting ng R.A. No. 7638 na nagmamandato sa DOE upang mangasiwa ng lahat ng programa at proyekto ng gobyerno patungkol sa *energy exploration*, pagsulong, paggamit, distribusyon, at konserbasyon ng enerhiya sa pangunguna ni DOE *Secretary* Alfonso G. Cusi.

Kaya naman ang SMPC ay nagsisilbing *"contractor"* ng DOE sa pagmimina ng karbon at kung hindi dahil sa DOE, hindi makakapagmina ang Kompanya. Pinahihintulutan ng DOE ang pagmimina kung ito ay nagpapatupad ng responsableng pagmimina para sa komunidad, kapaligiran at pagsunod sa batas. Ang pagtutulungan ng DOE, SMPC at LGU, Semirara ay nagsisilbing daan upang mas maging progresibo ang isla.

CONVEYOR

TOMO 1 ISYU 2 ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG ISLA NG SEMIRARA OKTUBRE - DISYEMBRE 2019



## Bangon Semirara: Pagtutulungan, Pagkakaisa sa Hagupit ng Bagyong Ursula



nina Catherine Lim at Ben Lawangon

Direkta at malubhang tinamaan ng Bagyong "Ursula" *(international name: Phanfone)* ang munisipalidad ng Caluya noong Araw ng Pasko. Nag-iwan ito ng matinding pinsala sa mga mamamayan maging sa mga imprastraktura, mga bahay, pananim, at mga sasakyang pandagat.

Agarang pagpaplano ang isinagawa ng lokal na pamahalaan ng Semirara sa pamamagitan ng Barangay Disaster Risk Reduction and Management (BDRRM) at ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) upang maging handa sa epekto nito.

Umaga pa lang ng ika-24 ng Disyembre ay nakaantabay na ang mga miyembro ng *Emergency Response Team* (ERT) sa SMPC Gymnasium na itinakdang *Incident Command Post* ng SMPC. Ang BDRRM, kasama ng mga *responders* ng SMPC, ay nagtulungan sa pagbantay at pagsagip ng mga apektadong mamamayan sa oras ng pananalasa ng bagyo.

Araw ng Pasko nang maramdaman ang malakas na hagupit ni Ursula. Nagtagubilin si Ricky Codiom, *Incident Commander* ng ERT, na siyasatin ang bawat lugar upang matukoy ang mga residenteng naapektuhan dahil sa bagyo.



*Isang bahay sa Barangay Alegria ang nawasak dahil sa hagupit ng Bagyong Ursula.*

Sa kasagsagan ng bagyo, nawalan ng inuming tubig pati ng *cell tower signal* at kuryente kaya naputol ang daloy ng komunikasyon. Agarang nagpadala ng *relief goods* para sa mga lumikas sa *evacuation centers* ang lokal na pamahalaan ng Semirara, sa pangunguna ni Punong Barangay Catherine Lim.

Tumambad kinaumagahan ang pinsala nito: Ang mga kalye ay hindi madaanan; nagsitumba ang mga puno; at halos nakalbo ang ilang mga sanga. Nagkalat din sa kalsada ang mga naputol na *electrical wires*. Ang mga bahay na gawa sa *light materials* ay nagkapira-piraso.

Ayon sa mga taga-Semirara, ito ang pinakamalakas na bagyo na naminsala sa isla. Gayunpaman, wala namang nasawi sa nasabing kalamidad.

**4 na pamilya nakisilong sa *brickhouse* ng *indigents***

Isang bahay ng *indigents* na gawa sa *bricks* at matibay na bubong ang sinilungan ng apat na pamilya sa kasagsagan ng bagyo.

"Buti na lang matibay yung bahay nila Nanay kaya nagpunta kami agad doon. Masaya naman ang naging Pasko namin kahit ganun ang nangyari," ani Beverly Anigan, residente ng Sitio Villaresis.

"May 2019 nang lumipat kami sa bahay na ito. Laking pasalamat po namin dahil nagawan kami ng bahay na ganyan. Dahil kung wala yan, apektado talaga kami. Nasira nga ang luma naming bahay. *Safe* kaming lahat lalo na sa masamang panahon," ani Rosabela Largisa, nabigyan ng libreng pabahay ng SMPC at ng lokal na pamahalaan ng Caluya.

*sundan sa pahina 8*

## Editorial Team

**Editorial Advisers:**
Engr. Ruben Lozada
Kristian Anderson Santos

**Editor In Chief:**
Vicente Cesar Malig

**Managing Editor:**
Rachelle Ann Lauricio

**Associate Editor:**
Rafael Antonio

**Section Editors:**
Justine Balbin
Bernard Cadigal
Ben Serna Lawangon
Catherine Lim-Tahum
Romeo Malixi
Annaliza Patingan, RN
Modesta Pionelo
Almar Valdemar

**Contributors:**
Glenn Carado
Cherry Jane Esciltor
Cathyren Gonzales
Josephine Romero
Johnny Taday
Danny Tirona

**Photo Contributors:**
Loren Anciro
Mark Louis Bentayo
Michael Floyd Camposano
Rachelle Ann Lauricio
Divine World School of Semirara Island, Inc.
Social Development Planning Office


## Mensahe Mula sa *Editor-in-Chief*



Disyembre 25, Araw ng Pasko, ay isang beses lamang ipinagdiriwang sa loob ng isang taon. Ngunit hindi lang isang araw tayo minahal ng ating Panginoon. Ang esensya ng Pasko ay para maging malaya tayo sa buong buhay natin kahit habang nasa lupang ibabaw tayo. Inaawit natin ang *"Joy to the World"* tuwing kapanahunan ng Pasko, pero sana kahit hindi man Pasko ay nandiyan pa rin ang ligaya sa puso ng bawat isa sa atin. Isa sa pinaghuhugutan ng kaligayahan ay ang pasasalamat.

Maraming salamat sa lahat ng naiambag ninyo, malaki man o maliit, upang mapanatili nating matatag ang SMPC sa dami ng pagsubok nitong nagdaang 2019.

Sa mga panahong ito, madalas nating awitin ang *"Gloria in Excelsis Deo."* Ngunit ang panalangin natin ay kahit hindi man Pasko, ang naisin natin ay *Gloria in Excelsis Deo –Glory to God in the highest.*

Maligayang Pasko at Masaganang 2020 sa ating lahat! Nawa'y araw-araw nating paghariin ang Panginoon ng may kapayapaan, pag-asa at pag-ibig!

**Vicente Cesar Malig**
Editor In Chief/Administrative Division Manager for Core Mining

## Mensahe Mula sa *Resident Manager*



Naging mapaghamong taon ang 2019 hindi lamang para sa Kompanya maging sa buong isla ng Semirara.

Itinuturing si "Ursula" na pinakamalakas na bagyong naminsala sa isla. Sa halip na ipinagdiriwang nang taimtim ang Kapaskuhan, binalot ng takot at alinlangan ang bawat Semiraranhon sa mga panahong iyon. Mas nakapanlulumo ang mga tagpo kinaumagahan ng delubyo—nagkapira-pirasong mga tirahan, nagbagsakang mga puno't poste na humambalang sa kalsada, at naputol na kuryente't komunikasyon. Ngunit ang bagyo, gaano man kalakas, ay humuhupa rin. Walang sakuna ang hindi kayang malagpasan sa pagkakaisa at pagmamalasakit ng mga Semiraranhon sa isa't isa.

Sa pagsuong natin sa panibagong taon, harapin natin ito ng may bagong pag-asa at bagong sigla. Anuman ang idinulot sa atin ng taong lumipas, manatili tayong matatag, mahinahon, at mapagparaya.

Sa taong 2020, paigtingin natin ang malalim na ugnayan ng Kompanya, mga pamunuan ng mga barangay at lokal na pamahalaan, mga regulador, mga pangkat-sibiko, Simbahan at ng mga mamamayan. Sama-sama tayong babangon at mas uunlad para sa ating kinabukasan.

**Engr. Ruben P. Lozada**
Vice President-Mining Operations at Resident Manager



# Komunidad



## Paggunita sa Isang Dakila

Ni Atty. Franz Marie V. Sedel

Pebrero 2016. Sampung minuto makalipas ang alas-dose ng isang maulang hapon, nakatanggap ako ng tawag mula sa Tanggapan ng Presidente.

Nagmadali kong hinanda ang mga dokumento dahil baka tungkol ito sa kamakailang ipinagawa niya sa akin. Inisip ko ang mga detalye habang ako'y naglalakad patungo sa kaniyang opisina.

Isang buwan pa lamang ang nakalipas mula nang matanggap ako sa Kompanya, kaya ganoon na lamang ang kabog ng puso ko. Nakakakaba. Nais akong makita ng Presidente sa mga oras na iyon—hindi man ito ang una ngunit pareho pa rin ang kaba.

Pagpasok ko sa kaniyang opisina, kasama niya ang mga *division managers* at mga bise-presidente. Magalang ko muna silang binati bago ko ibinaling ang aking atensyon sa Presidente.

Nakangiti siyang inaya ako na mag-tsaa. "Halika. Umupo ka at mag-tsaa. Gawa ito sa *lemon* at *cinnamon.*"

"Ipinapakilala ko sa inyo ang ating abogado. Nagtapos siya sa DWSSII at nakapasa kaagad sa unang subok sa *Bar exams.* Ang kaniyang ama ay nagtatrabaho rin sa minahan. Franz."

Ipinagmamalaki ako ng Presidente at sobrang sarap sa pakiramdam! Sa mga sandaling iyon, nagmistulang ama siya na ipinagmamalaki ang kaniyang mga anak na nagsipagtagumpay sa kani-kanilang pag-aaral at propesyon.

Pinangako ko sa aking sarili na mas gagalingan ko pa sa aking propesyon dahil produkto ako ng kaniyang paaralan. Kinakatawan ko ang kaniyang mga mag-aaral na itinuturing niyang parang mga anak.



Dahil naniniwala siya sa DWSSII, sa kaniyang mga estudyante. Batid niyang ang mga nagsipagtapos sa kaniyang paaralan ay malayo ang mararating.
Sa bisyon niyang iyon, minarapat kong magpursigi sa lahat ng aking hakbangin. Kaya naman sinisikap kong maging matagumpay sa bawat proyektong ipinapagawa sa akin at pinahahalagahan ang integridad sa trabaho.

Sa minahan, ginagawang araw ang gabi at meryenda naman ang tanghalian. Tinuruan ng Presidente ang kaniyang mga kawani na maging masipag, mapagpahalaga sa pagtutulungan, at mahinahon sa pagtatrabaho. Dahil sa huli, ang kani-kaniyang mga pamilya ang makikinabang sa lahat ng ito.

Hindi alintana ng Presidente ang kapaguran kahit pa lumagpas sa *office hours* at *work days* ang kaniyang pagsubaybay sa operasyon ng Kompanya. Mapagparaya siya kaninoman at handang magbukas-palad nang walang hinahangad na kapalit.

Pagdating sa mga estudyante, laging "oo" ang kaniyang sagot. Sa loob ng maraming taon, hindi ko narinig ang Presidente na may tinanggihan na kahilingan kung ito ay makapagpapabuti sa paaralan.

Ito ang pinakamasayang alaala ko sa Presidente, si Victor A. Consunji. Mananatiling buhay ang mga ito sa diwa't puso ko habang buhay. Maswerte akong makatrabaho ang isang dakilang tulad niya.



## Libreng *M.A. Education* handog sa mga guro ng Caluya

Ni Johnie L. Taday



Naniniwala ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) na ang kalidad na edukasyon ang pinakamagandang legasiya na maaaring makamtan ng isang komunidad para sa kabataan nito. Kaya minarapat ng Kompanya na mamuhunan sa sektor ng edukasyon upang maisulong ang kaunlaran ng karunungan ng bawat mamamayan.

Hindi lamang binibigyang-suporta ng SMPC ang mga mag-aaral, binibigyang-pansin din nito ang mga pangangailangan ng mga guro sa isla ng Semirara.

Taong 2018 nang ilunsad ang programang libreng pag-aaral ng *Master of Arts (MA) in Education* para sa mga guro mula pampublikong paaralan at sa Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII). Ang proyektong ito ay pinagtulung-tulungan ng SMPC, DOE, DWSSII at ng *Divine Word College of Calapan* (DWCC) sa Oriental Mindoro.

"Ang pinakamagandang paraan upang maitaas ang kalidad ng edukasyon at proseso ng pagkatuto ay ang pag-angat sa kakayahan at kahusayan ng mga guro. Panahon na upang ang mga guro naman ang mabigyan ng oportunidad para sa kanilang mga propesyonal na pangangailangan at utang natin itong lahat sa SMPC," ani Br. Hubertus Guru, SVD, Ed.D., *School Director* ng DWSSII.

Gamit ang dedikasyon at ang kagustuhang tumaas ang propesyon, ang 61 *teacher-enrollees* ay dumadalo ng klase sa tuwing ikatlong Sabado ng buwan na pinangungunahan ng mga propesor na galing DWCC. Sa kabuuan, 81% ay mga guro mula sa pampublikong paaralan at 19% ang galing ng DWSSII.

Para kay Jeo Francisco, *teacher-in-charge* ng Bunlao Elementary School sa Barangay Alegria, natulungan siya ng *MA program* upang maging maunlad ang kaniyang kaalaman sa mga makabago at napapanahong pamamaraan ng pagtuturo na maibabahagi niya sa kaniyang mga kapwa guro. "Mas nagkaroon ako ng kakayanan na magturo sa aking mga mag-aaral," aniya.

Nagkakahalaga ng P7 milyon ang tatlong taong *master's degree program*. Inaasahang maibabahagi ng mga guro ang kanilang mga bagong pamamaraan sa pagsulong ng pagkatuto sa isla ng Semirara. Ito ay isang magandang hakbang tungo sa *sustainable* na legasiya ng SMPC para sa komunidad. Ang kabataan sa kasalukuyan at sa hinaharap ang tunay na makikinabang dito.







## *Government Social Services* Inihatid ng SMPC sa Semirara



nina Cherry Jane D. Escultor at Glenn Roy B. Carado

Isa sa mga kinakaharap na problema ng mga taga-Semirara ay ang pagkuha at pagproseso ng kani-kanilang Pag-IBIG, PhilHealth at NBI Clearance.

Dahil ito sa distansya at layo ng isla mula sa mga tanggapan ng mga nabanggit na ahensya. Isa pa rito ang pang-pinansyal na aspeto upang makatawid ng isla at makabalik dito.

Bilang tugon, nakipag-ugnayan ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) sa mga nasabing ahensya upang magbigay ng kanilang *off-site* na serbisyo sa mga Semiraranhon na ginanap noong ika-25 at 27 ng Nobyembre, 2019 sa SMPC *Food Court*. Layunin ng programa na matulungan ang ating mga empleyado at mga mamamayan na masolusyunan ang kani-kanilang mga hinaing at problema sa mga serbisyong pang-gobyerno.

Ang ahensya ng PhilHealth ay nagbigay ng kanilang *membership enrollment*, oryentasyon sa benepisyo, kabilang ang pagproseso at pagbibigay ng ID at pamamahagi ng *Member Data Record*.

Samantala, ang ahensya ng Pag-IBIG ay nagbigay ng kanilang *cash card*, *membership enrollment*, *inquiry* ng Pag-IBIG *number*, *consolidated contribution (merging)* at *loan application status*.

Ang ahensya naman ng NBI ay nangolekta ng mga *biometrics* mula sa mga nag-*apply* via *online*.

Humigit-kumulang 1,500 indibidwal ang kanilang nabigyan ng serbisyo. Laking pasasalamat ng mga mamamayan ng Semirara sa pagdating ng *government agencies* at sa tulong ng SMPC.

"Napakalaking tulong nito sa aming mga taga-isla lalo na't isa akong *working mother,* hirap akong iwanan ang mga anak ko. Pupunta pa kami ng Iloilo o Mindoro para lang makapunta sa mga ganitong ahensya ng gobyerno," ani Noemi Roberto ng Barangay Tinogboc na nagdagdag ng benepisyaryo sa PhilHealth.

Ang mga departamento ng *Human Resources*, *Support Services Group* at *Social Development* ang naatasang magbigay ng tulong at makipag-ugnayan sa lahat ng organisasyon kasama na ang komunidad para sa mabilis na pagproseso ng mga dokumento.



*Ilang mga empleyado at miyembro ng komunidad ang pumila para sa NBI Clearance.*



*Humigit-kumulang 1,500 indibidwal ang nabigyan ng serbisyo.*




*Nagdaos ng oryentasyon ang Pag-IBIG tungkol sa iba-ibang savings schemes.*



# Pagkilala sa Mga Natatanging Kaagapay at Kasosyo ng SMPC

ni Rachelle Ann N. Lauricio

Pinarangalan ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) ang mga *partners* at *stakeholders* nito bilang pasasalamat sa isang matatag na taon ng pagsasama.

Ginanap ang nasabing okasyon noong ika-12 ng Disyembre, kasabay ng Kapistahan ng Parokya ng *Our Lady of Guadalupe,* sa *Main Mess Hall* ng SMPC. Pinangunahan ang Banal na Misa ni *Bishop* Marvyn Maceda.

"Para po sa amin, lahat kayo ay mga kaibigang walang kupas na sumusuporta sa SMPC. 'Di sapat ang pasasalamat sa lahat ng tulong na ibinigay ninyo sa amin," ani Vicente Cesar Malig, *Administrative Division Manager* ng SMPC.

Kabilang sa mga pinarangalan ay ang mga opisyal mula sa Department of Energy (DOE), na naging tulay sa pagpapahintulot ng operasyon sa pagmimina ng SMPC.

Kinilala rin ang mga opisyal ng LGU, sa pangunguna nina Caluya Mayor Rigil Kent Lim at sampu ng kaniyang Sangguniang Bayan *board members*; at ang mga punong barangay sa isla na pinamumunuan nina Kgg. Catherine Lim (Semirara), Romeo Malixi (Tinogboc) at Modesta Pionelo (Alegria).

Kasama rin sa mga pinarangalan ang mga lokal na sangay ng Hukbong Sandatahan at Kapulisan: *3rd Infantry Division Philippine Army, Philippine Coast Guard, at Philippine National Police-Caluya.*

Ginawaran din ng parangal ang iba't ibang ahensya ng gobyerno at ang mga pribadong sektor. Kabilang din ang mga pinuno ng iba't ibang relihiyon kasama si Bishop Marvyn Maceda ng Diocese of Antique.

Ginunita ni Maria Cristina C. Gotianun, *President* at *COO* ng SMPC, sa kaniyang mensahe ang payak na pagsisimula ng Kompanya sa isla. Aniya, ang progresong natatamo ng SMPC ay dulot ng kolektibong pagtutulungan ng iba't ibang *stakeholders*, higit na rito ang pamunuan ng DOE na siyang regulador nito.



Kabilang si Antique *Bishop* Marvyn Maceda sa mga tumanggap ng pagkilala.



*President and COO Maria Cristina C. Gotianun, Caluya Mayor Rigil Kent Lim, Mrs. Levy F. Lim, Executive Assistant IV Noeli Lim, at si Admin Division Manager Vicente Cesar Malig*



*Ginawaran ng pagkilala ang mga lider ng LGUs sa isla ng Semirara.*





# Pagtuturo ng *Proper Hygiene* sa Kabataan, Isinulong ng SMPC

ni Rachelle Ann N. Lauricio

Ang pagkakaroon ng *tooth cavities* ang nangungunang dahilan ng pagkonsulta ng mga residente ng isla sa SMPC Hospital. Dahil dito, naglunsad ang Semirara Mining and Power Corporation (SMPC), sa tulong ng SMPC Hospital, ng malawakang impormasyon sa pagpapanatili ng kalinisan sa pangangatawan.

Saklaw ng kampanya ang pagtuturo ng tamang pagsisipilyo, tamang paghuhugas ng kamay at *cough etiquette* na unang idinaos noong ika-8 ng Oktubre, 2019 sa Bunlao Elementary School, Barangay Alegria.

"Hangarin ng proyektong ito na bigyan ng kaukulang impormasyon at edukasyon ang mga kabataan na sugpuin at pigilan ang pagkalat ng mga mikrobyo upang makaiwas sa pagkakasakit sa pamamagitan ng tama at madalas na paghuhugas ng kamay, pagtakip sa ating bibig sa tuwing uubo at tamang paraan ng pagsisipilyo," ani Shelley Talatas, *Hospital Administrator* ng SMPC Hospital.

Umabot sa 263 mag-aaral ang naturuan ng tamang pagsisipilyo, tamang paghuhugas ng kamay at *cough etiquette* sa pamamagitan ng oryentasyon at demonstrasyon at pagkakaroon ng patimpalak sa mga lumahok.

Pagkatapos ng oryentasyon, nagbigay ang SMPC ng libreng *fluoride treatment* para sa mga mag-aaral sa pangunguna ni Dr. Melanie Farrales, isa sa mga dentista sa SMPC Hospital.

"Ang *fluoride* ay isang klase ng mineral na nakakapagpatibay ng ngipin at pumipigil sa *dental cavities.* Maganda na magkaroon ang mga bata edad 3 taon pataas ng *fluoride treatment* para magkaroon ng matibay na ngipin," ani Farrales. "Masaya ako dahil sa ganitong paraan ay nakatutulong ako na mapagbuti ang *dental health*," dagdag pa niya. Binigyan din ng SMPC ng libreng *hygiene kit* ang mga nanalo sa patimpalak at *bag* para sa lahat ng mag-aaral.

"Mahalagang matutunan ng mga bata ang mga ito kaya't nagpapasalamat ako sa SMPC sa pagkakataong ipinagkaloob sa aming paaralan sa pangunguna ni Ma'am Rachelle at ni Dr. Melai. Sisikapin po naming magawa ang mga natutunan ng mga bata sa inyo," ani Jeo Francisco, *teacher-in-charge* ng Bunlao Elementary School.







# Bagong Tanggapan ng *Coast Guard Sub-station* Semirara Pinasinayaan

ni Catherine Lim

Idinaos ang inagurasyon at pagbabasbas sa Coast Guard Sub-station (CGSS) Semirara noong ika-21 ng Oktubre sa Pinagpala Pier. Naisakatuparan ang pagpapatayo ng imprastraktura sa pakikipagtulungan ng *Department of Energy,* Semirara Mining and Power Corporation (SMPC), LGU Caluya at Barangay Semirara.




Ang mga panauhing dumalo ay sina LCDR Rodolfo D. Dela Peña Jr. PCG, *Station Commander*, *Coast Guard Station* Antique; Sangguniang Bayan Board Member Rea Domingo; Kgg. Romeo P. Malixi, Punong Barangay ng Tinogboc; at Kgg. Catherine G. Lim, Punong Barangay ng Semirara, at sampu ng kaniyang kagawad.

Dumalo rin ang ilang mga empleyado ng SMPC sa pangunguna ni Vicente Cesar Malig, *Administrative Division Manager;* DMC-CERI; at ang *Coast Guard* Semirara sa pangugunga ni *Sub-station Commander* PO1 Jet Roy M. Lomugdang PCG.

“Gusto kong magpasalamat sa inyong lahat sa pagtapos ng proyektong ito. Ang inyong dedikasyon at *commitment* ay napakahalaga upang maging matagumpay ang pagpapagawa ng *building* na ito. Nawa'y magsilbing paalala ito sa atin na may makakamit tayo bunga ng pagtutulungan ng DOE, SMPC, DMC-CERI, LGU Caluya at Barangay Semirara,” ani Dela Peña sa kaniyang mensahe.

Buong-pusong pinasalamatan ni Lim ang CGSS Semirara dahil hindi lamang sila responsable sa kanilang mga tungkulin, bagkus ay aktibo rin sila sa mga programa ng barangay tulad ng buwanang *coastal clean-up* at *search and rescue.*

“Sa ngalan ng *management* ng SMPC, gusto kong magpasalamat sa CGSS Semirara dahil pinili ninyong



magserbisyo at magsakripisyo para lang mabantayan ang ating *coastal waters.* Kami ay patuloy na susuporta sa inyo kasama ang DOE dahil malaki ang kanilang bahagi sa pagkakaroon ng ganitong mga imprastrakturang proyekto,” ani Malig.

Ang *Philippine Coast Guard* ay responsable sa pagbabantay sa ating mga baybayin upang maprotektahan ang ating mga pier, buhay at pag-aari habang nasa dagat at ang ating *marine environment.*





# Pagsasanay Para sa Boluntaryong Bantay-Dagat Isinagawa

ni Bernard M. Cadigal

“Proteksiyunan ang mga baybayin at pinagkukunan ng yamang-dagat.”

Ito ang diwa ng isinagawang pagsasanay sa *“Fishery Law Enforcement and Enhancement Training* (FLEET)*”* para sa 40 boluntaryong bantay-dagat sa Isla ng Semirara noong ika-24 hanggang ika-26 ng Hulyo, 2019.

Ang mga bantay-dagat ay nagmula sa mga Barangay ng Alegria, Semirara at Tinogboc, ilang boluntaryong kawani ng Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) at mga kinatawan mula sa Himpilan ng Pulisya (PNP) at *Coast Guard* ng Semirara.

Pinadaloy ang pagsasanay ng Kagawaran ng Pagsasaka–Kawanihan ng mga Pangisdaan at mga Yamang-Tubig (BFAR), sa pamumuno ni Gng. Lorna Angor, tagapangasiwa ng nasabing tanggapan sa lalawigan ng Antique.

“Mahalaga ang FLEET para maitaas ang kasanayan ng mga bantay-dagat sa pagpapatupad ng mga batas sa pangingisda at pagtitiyak sa pagpoprotekta, pagkonserba, at pamamahala sa mga yamang-dagat ng Caluya. Ito ay para rin sa pagpapanatili at katiyakan sa pagkaing dagat ng susunod na henerasyon,” ani Angor.

Sa pagsasanay, binigyang-diin ang kahalagahan ng pangangalaga, proteksyon at tamang pangangasiwa ng mga pangisdaan. Kasama na ang pagpapaunawa ng ekosistema ng mga baybayin na kinabibilangan ng tatlong mahahalagang bahagi: (1) mga bakawan; (2) *seaweeds, seagrass,* at iba pang halamang-dagat; at (3) mga koral.

Isang gawaing pang-grupo ang isinagawa kung saan ang mga nagsasanay ay naglahad ng kanilang kaalaman sa kalagayan ng yamang-dagat ng Isla ng Semirara, mga nakikitang suliranin at rekomendasyon upang mapangalagaan ito.

Tinuruan din sila ng iba't ibang kasanayan na kakailanganin nila sa pagtupad ng kanilang



*40 boluntaryong bantay-dagat ang sumailalim sa FLEET.*

tungkulin, tulad ng paggamit ng *Global Positioning System* (GPS), pag-alam sa hangganan ng karagatang sakop ng Caluya, at paggamit ng mapa kasama na ang pagtatala dito ng lokasyon ng sasakyang dagat na madadakip sa paglabag sa *Municipal Fishery Law* at *National Fishery Law.*

Ipinaalam din sa kanila ang mga uri ng yamang-dagat na dapat protektahan at ipinagbabawal na hulihin, at mga karampatang kaparusahan sa mga lalabag dito. Sinanay din sila sa mga paraan ng pagmamanman (*surveillance*), pagpapatrolya at pagdakip ng mga bangka o barko ng pangisdaan na lumalabag sa batas.

Isang *drill* ang isinagawa para sa kunwaring pagdakip sa bangka ng ilegal na nangingisda sa karagatang sakop ng Caluya. Pagkatapos ng kalahating araw na *drill* ay nagkaroon ng *assessment* upang suriin ang kahinaan at kalakasan ng mga boluntaryong bantay-dagat.

Ang pagsasanay ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng *Social Development Office* ng SMPC; mga punong-barangay ng Semirara, Tinogboc at Alegria; at ng Pamahalaang Lokal ng Caluya sa pamamagitan ng Pambayang Kagawaran ng Pagsasaka na pinamumunuan ni G. Gilor Tandug.



## Mga Positibong Ambag ng SMPC sa Semirara Itinampok sa *Mine Site Educational Tours*

ni Rachelle Ann N. Lauricio

Humigit-kumulang 350 estudyante at guro mula sa Tinogboc National High School (TNHS), Alegria Elementary School (AES) at Semirara National High School (SNHS) ang bumisita sa Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) mula Oktubre hanggang Nobyembre 2019 bilang bahagi ng kanilang *educational tour.*

Matatandaang adbokasiya ng SMPC ang pangangalaga ng kalikasan kaya naman marami ang bumibisita sa Semirara Marine Hatchery Laboratory sa Tabunan Beach Point upang masilayan ang mga taklobo o *giant clams.*

Kabilang sa mga programa ng SMPC ang magbigay ng tamang impormasyon tungkol sa responsableng pagmimina at ipaalam sa komunidad ang mga aktibidad nito pagdating sa kanilang operasyon, sa kapaligiran, at sa komunidad.

"Itinataguyod ng SMPC ang pagiging *transparent* sa aming mga ginagawa, lalung-lalo na sa operasyon, kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado, sa kapaligiran, at sa mga programa para sa komunidad. Isang magandang oportunidad ito para ma-*educate* namin ang mga bata," ani Rachelle Ann Lauricio, *Information, Education and Communication (IEC) Officer.*

Kabilang sa *educational tour* ang pagpunta sa *South Panian Rehabilitation Area* kung saan ipinapakita ang rehabilitasyon ng dating butas at ang kahalagahan nito sa kabuuang *biodiversity* ng isla. Bahagi rin ng pag-iikot ang pagpunta sa Bantayan *Nursery* kung saan pinalalago at pinararami ang halamang itinatanim; ang *Pottery Plant*; *Unong Lake,* ang kauna-unahang minahan sa isla; at *SMPC Hospital.*

"Dahil sa programang ito, mas batid na ng mga mag-aaral ang sinasabing *responsible mining* at ang ginagawa ng SMPC para ma-*rehabilitate* ang kapaligaran," ani Gng. Flor Camposano, guro sa TNHS.

"Marami pong salamat dahil hindi ninyo pinababayaan ang kalikasan at sana ipagpatuloy ninyo ang inyong ginagawa at sana sa susunod ay makabalik kami," ani Joven Madarcos, mag-aaral ng TNHS.



*Ilan sa mga dakong binisita ng mga mag-aaral ay ang South Panian Rehabilitation Area.*



*Nakinig ng maikling leksyon ang mga mag-aaral tugkol sa mabusising proseso ng pagpaparami at pagpapalaki ng giant clams.*




*Nasilayan ng mga mag-aaral ang mga taklobo o giants clams at ibang yamang-dagat sa Semirara Marine Hatchery Laboratory.*



## Pagpapahalaga sa Bakhaw ng Semirara

ni Cathyren Gonzales



Ang mga bakawan ay itinuturing na *biodiversity hot spots* dahil nagsisilbing tahanan ito ng mga hindi kapani-paniwalang hanay ng mga iba-ibang uri ng lamang dagat. Nagbibigay din sila ng pugad at tirahan para sa mga bagong anak na mga isda at *shellfish*, *migratory birds*, at *sea turtles*.

Mahalaga rin ang mga bakawan upang mapanatili ang kalidad ng tubig. Sa pamamagitan ng kanilang siksik na mga ugat na pinaliligiran ng mga halaman, sinasala nito at sinisira ang mga *sediment,* mabibigat na metal, at iba pang mga *pollutants.* Dahil dito, napapanatili ang mga *sediment* na dumadaloy mula sa agos, napipigilan ang kontaminasyon galing sa agos ng tubig at napoprotektahan ang mga sensitibong tirahan tulad ng mga *coral reef* at *sea grass bed.*

Ang mga bakawan din ay ang unang linya ng tagapagtanggol sa mga komunidad sa baybayin mula sa nakaambang na panganib dulot ng *tsunami o storm surge.* Pinatatatag nila ang mga baybayin sa pamamagitan ng pagpapabagal sa pagguho ng lupa at pagharang sa pagtaas ng tubig dahil sa bagyo.

Nakatutulong din ang mga bakawan upang makiayon sa pagbabago ng klima *(climate change)* bunsod ng pag-init ng pandaigdigang klima na pinasimulan ng pagtaas ng paglabas ng karbon.

Kaya nitong mag-*sequester* ng karbon dalawa hanggang apat na beses na mas malaki kumpara sa mga *mature* na tropikal na kagubatan. Kaya rin nitong mag-imbak ng tatlo hanggang limang beses na higit na karbon bawat katumbas na lugar kaysa sa mga tropikal na kagubatan.

Kaya naging gawain ng *Reforestation Unit* ang pagsasagawa ng *tree planting* katulong ang iba't ibang sektor tulad ng mga estudyante, negosyante, empleyado, at ng mga kasapi ng gobyerno sa mga lugar ng bakawan upang madagdagan ang populasyon ng bakhaw sa isla.

Umabot na sa 582.29 ektarya ang lawak ng bakawan sa Isla ng Semirara. Sa kabuuan, 385.86 ektarya ang sinasakupan ng mga *old-growth mangrove,* habang 196.43 ektarya naman ang kabuuang lawak o 673,439 ang naitanim ng SMPC.

Ito ang naging adbokasiya ng *Reforestation and Rehabilitation Unit* na magtanim nang magtanin ng mga bakhaw sa isla upang makatulong sa pagprotekta sa mga likas na ekosistema tulad ng kagubatan ng bakawan at mapanatili ang *biodiversity* dito sa Isla.



# SMPC *'Generally Conforming'* sa MMT *3rd Quarter Validation*

Ni Justine P. Balbin

"*Generally Conforming*" ang naging hatol ng *Multi-Partite Monitoring Team* (MMT) sa Semirara Mining and Power Corporation (SMPC) sa idinaos na *quarterly meeting* noong ika-3-4 ng Oktubre na ginanap sa MMT Building, Barangay Semirara, Caluya, Antique.

Ibig sabihin nito'y pumasa ang Kompanya sa *assessment* dahil naipakitang nagawa at patuloy na ginagawa nito ang mga obligasyon sa mga batas pangkalikasan.

Bahagi ng programa ng MMT *meeting* ang pagkakaroon ng *field inspection* upang mapatunayan ang mga impormasyong kalakip sa *self-monitoring reports* at *compliance monitoring reports* na ipinapasa ng Kompanya sa DENR-EMB.

Kabilang sa mga nilibot ng *validation team* ang Panian Coal *stockpile*, South Panian *rehabilitation site*, Molave *mine pit area*, *GeoMos 3* at *slope stability radar* (SSR), *hazardous materials storage building*, mga *power plant*s, at suha at *mangrove plantation areas.*

Sa ikalawang araw ng pagpupulong, naglahad ng ulat ang iba't ibang komite ukol sa resulta ng *air* at *water sampling* at sa pamamahala ng *ecological solid waste at hazardous waste*. Inisa-isa rin ang mga katunayan sa pagtupad ng mga pananagutan na nakasaad sa *Environmental Compliance Certificate* (ECC) pati sa *Environmental Management Plan* (EMP).

Sa kasalukuyan, ang grupo, sa pamumuno ng kinatawan ng Gobernador ng Antique, ay binubuo ng mga Punong Barangay ng Semirara, Alegria at Tinogboc; mga kinatawan ng *Department of Energy; Community Environment & Natural Resources Office; Provincial Environment and Natural Resources Office; Rural Health Unit; Fishermen's Organizations;* at *Women's Organizations*.

Sa pagtatapos ng pagpupulong, iminungkahi sa Kompanya ang pagkakaroon ng *food safety training* para sa mga kawani ng namamahala sa pagkain at pati na rin sa mga may negosyong may kaugnayan dito. Inirekomenda rin ang patuloy na pagsasagawa ng *Information, Education and Communication* (IEC) activities at pamamahagi ng IEC *materials*.










# Responsableng Pagmimina ng SMPC Tampok sa 'Karbon *Competition*'

ni Rachelle Ann N. Lauricio



*Ang mga nanalo sa Karbon Competition 2019 mula sa Tinogboc National High School*



*Ang nanalo ng 1st Place sa Poster Making Contest .*

Isang patimpalak sa *Poster Making, Essay Writing* at *Extemporaneous Speech* na tinaguriang "Karbon Competition" ang isinagawa noong ika-23 ng Nobyembre sa SMPC *Food Court* bilang pangwakas na aktibidad ng mga mag-aaral sa Tinogboc National High School (TNHS) na lumahok sa *educational tour.*

Layunin ng paligsahan na linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat, pagpipinta at *public speaking.*

"Hindi ko inaasahang magkakaroon ng ganitong *activity* na may *output* dahil *first time* ito. Dahil sa ginawa ng SMPC, nagkaroon tayo ng mga ganitong karanasan na balang araw ay magagamit ng mga mag-aaral," ani Gng. Flor Camposano, *officer-in-charge* ng TNHS.

Tig-dalawang kalahok mula Baitang 6 hanggang 11 ang isinali sa bawat patimpalak. Ang mga nanalo ay nakatanggap ng *cash prize* at sertipiko. Lahat ng sumali ay nakatanggap ng *school bag* mula sa SMPC.

Inaasahang magkakaroon pa ng ganitong mga patimpalak sa mga susunod na taon sa iba't ibang paaralan sa isla ng Semirara hindi lamang para sa kalinangan ng mga mag-aaral, kundi para na rin makapagbigay ng tamang impormasyon tungkol sa responsableng pagmimina ng Kompanya.



*Binigyan ng SMPC Bag ang lahat ng sumali sa Karbon Competition 2019.*



*Extemporaneous Speech Competition*

(mula sa pahina 1) **... Bangon Semirara**

**Panahon ng sakuna**
Sa kasagsagan ng bagyo, nasagip ni ERT *member* Bernard Damarcos ang dalawang pamilya sa may Sitio Bunlao, Alegria, kabilang ang isang 5 buwan na sanggol, matapos sirain ng bagyo ang bahay nilang gawa sa *light materials.*

“Papunta na sana ako ng *gym* nung araw na 'yun para mag-*duty* sa ERT pero naabutan ako ng malakas na hangin at ulan. Buti na lang at nakasalubong ko Si Sir Boss Roling Sr. sa daan nang makarinig ako ng humihingi ng saklolo. Nakita ko yung nanay na hirap na hirap ilikas yung kambal niyang anak. Kinuha ko yung kambal at dinala ko sa sasakyan,” ani Damarcos. “Hindi na ako nagdalawang-isip na tumulong kaya ginawa ko ang lahat ng aking makakaya na makatulong sa aking kapwa,” dagdag niya.

“Salamat gid kay Bernard sa pagtulong niya sa aking mga anak. Buti na lang napadaan kayo dito malapit sa amin. Sa buong buhay ko, ngayon lang ako nakaranas ng ganito kalakas na bagyo,” ani Risa Dela Torre, ina ng kambal.

Nailigtas din ng Semirara BDRRM ang tatlong batang nagkukumpuni ng kanilang bahay habang bumabagyo sa Sitio Naga, Barangay Semirara. Sa pangunguna ni Kagawad Rosie Calinog at dalawa ng kaniyang *responders* na sina Rosamel Gozar at Ian Dela Cruz, nilusong nila ang abot-baywang na baha upang sagipin ang 3 bata.

“Ganap na alas tres ng hapon nang humingi ng tulong yung isang residente kasi napansin niya yung tatlong batang nag-aayos ng bahay nila. Malakas na kasi yung hangin noon kaya inaayos nila. Kahit may mga nagliliparan na mga yero, talagang sinuong namin yung baha kasi ayaw kong may masamang mangyari sa mga bata,” paglalahad ni Calinog.


*Dinala sa Disaster Operation Office ng BRRDMC ang mga batang nasagip sa gitna ng malakas na ulan.*


*Ligtas na nailikas ni ERT member Bernard Damarcos ang pamilya Dela Torre mula sa Sitio Bunlao sa Alegria.*


*Ang gym ng DWSSII pagkatapos ng bagyo*

Ang mga batang sina Noah Cuizon, Jaff Necesito at Jafstar Necesito ay dinala sa *Disaster Operation Center* habang pinapahupa ang bagyo kasama ang 5 pamilyang lumikas doon.

**Bangon Semirara**
Sa kabila ng pighating idinulot ng delubyo, nabuhayan pa rin ng loob ang mga Semiraranhon dahil sa pagtutulungan ng mga barangay at SMPC para mapabilis ang panunumbalik ng mga pangunahing pangangailangan. May mga nagboluntaryo rin na tumulong magtanggal ng mga natumbang mga puno at sanga sa kalsada. “Mga 30 poste ang naputol dito sa Villaresis. Nagtulung-tulong kaming tanggalin sa daanan habang hinihintay palitan ng ANTECO," ani Kagawad Jimmy Aranda.

Naghatid din ang Barangay Semirara ng tubig sa mga Barangay ng Alegria at Tinogboc at kani-kanilang mga sitios sa pamamagitan ng *fire truck* na umiigib ng tubig sa SMPC.

Nagpadala naman ang *Antique Electric Cooperative* (ANTECO) ng karagdagang *linemen* at *engineers* upang mag-ayos ng mga nasirang poste ng kuryente.

“Pasalamat tayo sa Panginoon. Gayon din sa mga barangay *employees* ng Semirara at *volunteers* na patuloy na nagtatrabaho kahit mismo sila ay walang mauwian na bahay. Pati na rin sa lahat ng pinuno at empleyado ng LGU na walang tulog para maiparating ang *relief goods* sa bawat isa,” ani Lim.

“Magtulungan tayong lahat para sa mabilis na pagbangon ng ating Barangay. Bangon Caluya!,” dagdag pa niya.

Nagpadala rin ng *relief goods* ang LGU Caluya noong ika-31 ng Disyembre sa pangunguna ni Mayor Rigil Kent Lim para sa tatlong barangay sa isla.

Namahagi rin ng *relief goods* ang *Department of Social Welfare and Development Region 6,* sa pangunguna ni *Project Development Officer II* John Calimotan, at ang *Provincial Government* ng Antique. Nang maubos na ang donasyon mula sa iba't ibang ahensya at *donors* (tulad nina Ephraim Lim at AC Tajanlangit Construction, Builders and Development Corporation), kasalukuyang ipinapamigay ang galing sa Barangay Semirara, ayon kay Lim.

**Paghahanda sa panahon ng bagyo**
Alinsunod sa *Republic Act (RA)* 11058 o *New Occupational Safety and Health Standards, at RA* 10121 o *Disaster Risk Reduction and Management,* matatandaang nagdaos ng *Family Disaster Preparedness and Response ang Support Services Group* sa pangunguna nina Melissa Cucueco, SSG *Manager,* at ni *Safety Trainer* Marshan Tahum.

Ito ay isa sa mga hakbang ng


*Pagpupulong ng Semirara BDRRMC at ang SMPC ERT para sa Bagyong Ursula.*


*Sa bahay ng Pamilya Largisa lumikas ang apat na pamilya sa kasagsagan ng bagyo.*

paghahahanda para sa mga natural na kalamidad na isinagawa ng SMPC upang maging handa ang bawat pamilya sa panahon ng sakuna. “Ang ating bansa ay daanan ng bagyo kaya nararapat lang na tayo'y maging handa lalo na sa pinakamaliit na lebel ng *unit* ng ating lipunan, ang pamilya,” ani Cucueco.

Sa nakaraang *Post-Disaster Assessment Meeting* noong Enero 9, 2020, iminungkahi ni *Vice Mayor* Genevieve Lim-Reyes na mas paigtingin ang *Semirara Island Emergency Action Group (SIEAG)* at alamin ang bilang ng mga nasirang mga bahay, paaralan at iba pa.

# KAHANDAAN SA BAGYO

**Ang bagyo ay isang uri ng lagay ng panahon na nagdudulot ng malalakas at mabilis na hangin at pag-ulan na maaaring maging sanhi ng matitinding pagbaha, daluyong ng dagat at pagguho ng mga lupa.**

**Bago bumagyo:**
- Alamin ang balita ukol sa panahon at mga anunsyong pangkaligtasan.
- Alamin ang plano ng komunidad sa pagbibigay-babala at paglikas.
- Suriin ang bahay at kumpunihin ang mga mahina o sirang bahagi nito.
- Ihanda ang GO BAG na naglalaman ng mga pangangailangan ng pamilya.
- Ilikas ang mga alagang hayop sa ligtas na lugar.
- Kapag inabisuhan ng kinauukulan, mabilis na lumikas sa itinakdang evacuation center.



**Habang bumabagyo:**
- Manatiling mahinahon. Manatili sa loob ng bahay o evacuation center at makinig sa pinakabagong balita at taya ng panahon.
- Patayin ang main switch ng kuryente at valve ng tubig.
- Gumamit ng flashlight o emergency lamp. Maging maingat sa paggamit ng kandila o gasera.
- Umiwas sa mga salaming bintana.



**Pagkatapos ng bagyo:**
- Hintayin ang abiso ng kinauukulan kung ligtas nang bumalik sa tahanan.
- Umiwas sa mga natumbang puno, nasirang gusali at linya ng kuryente.
- Huwag gumala upang hindi maabala ang emergency services.
- Maging maingat sa pagsasaayos ng mga nasirang bahagi ng bahay.
- Siguraduhing walang basa o nakababad sa outlet o kagamitan bago buksan ang linya ng kuryente.
- Itapon ang mga naipong tubig sa lata, paso at gulong upang hindi pamahayan ng lamok.

*Sanggunian: Office of Civil Defense at NDRRMC*